Papaanong Itatama Ang Talaan Ng Mga Kinita Mo Sa Social Security

Ano ang nasa loob

Bakit mahalaga na maging wasto ang aking talaan ng mga kinita?	1
Paano kung nawawala ang mga kinita?	1
Ano ang dapat kong gawin kung may mga kinita na kulang?	2
Paano makakatulong ang Social Security?	2
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	2

Kung kayo ay may edad na 18 taong gulang o mas matanda, maaari kayong lumikha ng isang *my* Social Security na account. Sa ***www.socialsecurity.gov/myaccount***, maaari ninyong makuha ang inyong *Social Security Statement (Pahayag mula sa Social Security)* upang makita ang inyong talaan ng mga kinita, at makita ang mga pagtatantiya para sa panghinaharap na pagreretiro, kapansanan, at mga survivor (nabiyudo/a o naulila) na benepisyo. Kailangan ninyong pag-aralan nang mainam ang inyong account upang matiyak na ipinapakita nito ang wastong halaga na kinita ninyo taon-taon at matiyak na ang inyong pangalan at petsa ng kapanganakan ay wasto.

Bakit mahalaga na maging wasto ang aking talaan ng mga kinita?

Ang halaga ng benepisyo mula sa Social Security na matatanggap ninyo o ng inyong kapamilya ay depende sa halaga ng mga kinita na ipinapakita sa inyong rekord. Kung ang lahat ng inyong mga kinita ay hindi ipinapakita sa inyong rekord, ito ay maaaring mangahulugan na mas mababang mga benepisyo mula sa Social Security para sa inyo o sa inyong pamilya.

Paano kung nawawala ang mga kinita?

Kung ang mga kinita ay nawawala mula sa inyong talaan sa Social Security ay para sa kasalukuyang taon o nakaraang taon, hindi ninyong kailangang mag-alala. Dahil ang mga kinitang ito ay kamakailan lang, maaaring hindi pa namin naitatala ang mga ito. Dapat ay makita ang mga ito sa susundo na *Statement*.

Gayunman, ang mga kinita ay maaaring nawawala mula sa inyong rekord para sa mas naunang mga taon sanhi ng isa sa mga sumusunod na dahilan:

- Inulat ng inyong employer ang inyong mga kinita gamit ang maling pangalan o numero ng Social Security.
- Mali ang inulat ng inyong employer na inyong mga kinita.
- Kayo ay kinasal o sumailalim sa diborsyo at binago ang inyong pangalan, ngunit hindi inulat ang pagbabago sa Social Security.
- Kayo ay nagtrabaho gamit ang numero ng Social Security na hindi sa inyo.

Ano ang dapat kong gawin kung may mga kinita na kulang?

Kung may natuklasan kayong mga kulang na kinita mula sa inyong rekord, ang unang dapat ninyong gawin ay alamin ang ilang katibayan ng mga kinitang iyon. Ang katibayan na ito ay maaaring:

- Isang W-2 form (*Wage and Tax Statement o Pahayag ng Suweldo at Buwis*);
- Isang tax return;
- Isang wage stub o pay slip;
- Ang sarili ninyong mga rekord ng kinita; o
- Iba pang mga dokumento na nagpapakita na nagtrabaho kayo.

Kung wala kayong makitang nakasulat na mga dokumentong ipinapakita ang inyong mga kinita, subukan na tandaan ang mga sumusunod na katotohanan, at isulat ang mga ito:

- Saan kayo nagtrabaho;
- Ang pangalan ng inyong employer;
- Mga petsa kung kailan kayo nagtrabaho;
- Magkano ang inyong kinita; at
- Ang pangalan at numero ng Social Security na ginamit ninyo nang kayo ay nagtrabaho.

Paano makakatulong ang Social Security?

Makalipas ninyong malikom ang inyong mga dokumento o nakagawa ng mga listahan ng lahat ng impormasyon na natatandaan ninyo, makipag-ugnayan sa Social Security. Kami ay makikipagtrabaho sa inyo para iwasto ang inyong rekord. Ang prosesong ito ay maaaring mangailangan ng kaunting panahon, depende sa impormasyon na dadalhin ninyo sa amin tungkol sa inyong mga nawawala na kinita. Maaaring kailangan naming makipag-ugnayan sa inyong mga employer o kayo ang makipag-ugnayan sa kanila.

Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay